


Senior High School

# Filipino sa Piling Larang Teknikal - Bokasyunal



GOVERNMENT PROPERTY  
NOT FOR SALE

**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Ikawalong Linggo: Mga Etikang Kinakailangan sa Pagsulat ng  
Teknikal- Bokasyunal  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>	
<b>Filipino sa Piling Larang: Teknikal Bokasyunal</b>	
<b>Manunulat:</b>	David Michael M. Danganan
<b>Editor:</b>	Tommy R. Rico
<b>Tagasuri:</b>	Sheila C. Molina, Allan G. Salom, Amaflor C. Alde
<b>Tagaguhit:</b>	Ferdinand B. Jara
<b>Tagalapat:</b>	Jovanni L. Cornelia
<b>Tagapamahala:</b>	Wilfredo E. Cabral, PhD Jennifer F. Vivas, PhD Dennis M. Mendoza Jocelyn M. Alinab, PhD Tommy R. Rico

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO Caloocan  
Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bgao Bantay, Quezon City, Philippines  
Telefax: (632) 8929-0153  
E-mail Address: [depedncr@deped.gov.ph](mailto:depedncr@deped.gov.ph)

# **Filipino sa Piling Larang Teknikal - Bokasyunal**

**Ikalawang Markahan – Ikawalong  
Linggo**

**Mga Etikang Kinakailangan sa Pagsulat  
ng Teknikal- Bokasyunal**

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa *action@deped.gov.ph*.

**Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Sulating Teknikal: Mga Etikang kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang: Teknikal- Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Sulating Teknikal: Mga Etikang kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



**Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



**Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



**Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



**Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



**Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



**Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat na makakatulong sa lubos na pagkatuto. Makakatulong ito upang mabatid ang kaligirang kaalaman sa teknikal na mga sulatin. Ang saklaw ng modyul na ito ay angkop sa iba't ibang pamamaraang pampagkatuto. Ang mga aralin ay nilapatan ng angkop na talasalitaan na magagamit sa pag-unawa sa nilalaman ng bawat teksto. Ang mga aralin ay nakadisenyo batay sa sistematikong balangkas ng kurso.

Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 8 - Sulating Teknikal-Bokasyunal: Mga Etikang kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating teknikal-bokasyunal- Mga Etikang kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal **(CS\_FTV11/12PU-0m-O-99)**

1. Nakikilala ang kaligiran ng etika;
2. Nalalaman ang mga etika na dapat sundin sa pagsulat ng teknikal bokasyunal;
3. Nakapagsasagawa ng isang pagsusuri hinggil sa nilalaman ng mga etikang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal- bokasyunal;
4. Nabibigyan ng sariling kahulugan ang mga etika sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal; at
5. Nakakapagbigay ng sariling opinyon o pagninilay tungkol sa mga etikang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal bokasyunal





## Subukin

Basahin ang mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.

- \_\_\_\_\_ 1. Anong wika ang pinagmulan ng salitang etika?
- A. Italyano  
B. Romano  
C. Latin  
D. Griyego
- \_\_\_\_\_ 2. Anong konsepto ang tumutukoy sa etika?
- A. tama o mali  
B. paghusga  
C. moralidad  
D. sulatin
- \_\_\_\_\_ 3. Sa anong bagay dapat nakatuon ang isang sulating teknikal bokasyunal?
- A. pag-aliw sa mambabasa  
B. malikhain  
C. perspektibo  
D. pag-uugali
- \_\_\_\_\_ 4. Alin sa mga pahayag ang **hindi** kabilang sa mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin?
- A. Magiging maganda ba agad ang resulta nito sa mambabasa.  
B. Kung ito ba ay hindi makakapagbigay ng pisikal na pananakit.  
C. Kung ito ba ay hindi makakapagbigay ng suliraning mental sa tao.  
D. Ito ba ay makakapagbigay ng hindi magandang dahilan sa mga mambabasa.
- \_\_\_\_\_ 5. Ano ang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin ayon kay Raymond Greenlaw?
- A. tiyak na kaalaman  
B. aliwin ang mambabasa  
C. pag-uugali  
D. pagkopya sa gawa ng iba
- \_\_\_\_\_ 6. Mali ang nabanggit na datos ni Juan ng kaniyang ipinakita ang ulat sa harap ng mga kasamahan sa trabaho. Anong etika ang hindi dapat ginawa ni Juan?
- A. pagpapakita ng maling impormasyon  
B. pagmamanipula sa datos  
C. pagiging *stereotype*  
D. pagiging *bias*
- \_\_\_\_\_ 7. Saan sumasailalim ang legalidad sa maayos na etika sa pagsulat ng teknikal bokasyunal ayon kay De Veaux?
- A. hindi paglabas ng mahalagang impormasyon  
B. pagsunod sa batas at propesyon  
C. magandang integridad  
D. pagiging Patas
- \_\_\_\_\_ 8. Sa anong uri ng sulatin maihahalintulad ang teknikal bokasyunal?
- A. akademik  
B. *thesis* at disertasyon  
C. ebalwasyon  
D. malikhaing pagsulat

- \_\_\_\_\_ 9. Ano ang maaaring kahantungan ng **hindi** paggamit ng etika sa sulatin?
- A. aksidente
  - B. tiyak na kaalaman
  - C. alanganin na sitwasyon
  - D. magandang konklusyon
- \_\_\_\_\_ 10. Anong anyo ng plagiyarismo ang nagreresulta sa pagpapalit ng pangalan sa gawa ng iba?
- A. tahasang pag-angkin sa gawa ng iba
  - B. pagkopya sa ilang bahagi ng iba
  - C. paggaya ng pamagat ng iba
  - D. pagbago sa pangungusap
- \_\_\_\_\_ 11. Anong etika sa pananaliksik ang pagkuha ng mga maling impormasyon na **hindi** tugma sa iyong ideya?
- A. pagpapakita ng impormasyon
  - B. pagpapakita ng biswal na impormasyon
  - C. limitadong mga pinagkunan ng impormasyon
  - D. huwag magsaliksik na hindi makakapagbigay ng suporta sa mga ideya
- \_\_\_\_\_ 12. Kinopya ni Pedro ang *tagline* na isinulat ni Juan para sa kaniyang produkto upang ito ay makilala ng mga tao. Anong anyo ng *plagiarism* ang ginawa ni Pedro?
- A. tahasang pag-angking sa gawa ng iba
  - B. pagkopya sa ilang bahagi ng iba
  - C. paggaya ng pamagat ng iba
  - D. pagbago sa pangungusap
- \_\_\_\_\_ 13. Anong etika ang nilalabag kapag inilabas ang mga mahahalagang impormasyon sa isang teknikal bokasyunal na sulatin na walang pahintulot mula sa may-ari?
- A. kumpidensyal
  - B. pagiging propesyonal
  - C. katapatan
  - D. pagiging totoo
- \_\_\_\_\_ 14. Sa pagsusulat ng teknikal bokasyunal na sulatin, ano ang tawag sa mga bagay na iminumungkahing tanggalin sa sulatin?
- A. pisikal na pananakit
  - B. suliranin sa mental sa tao
  - C. inaasahan ng mambabasa
  - D. hindi magandang komento/kongklusyon
- \_\_\_\_\_ 15. Ano ang tawag sa mga maling gabay na makikita sa manwal ng kagamitan sa bahay ayon sa etika sa pagsulat ng teknikal bokasyunal?
- A. *stereotype*
  - B. pagiging *bias*
  - C. pagmamaniipula sa datos
  - D. pagbibigay ng maling impormasyon

**Teknikal Bokasyunal: Mga Etikang Kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal**

Ang araling ito ay makapagbibigay sa iyo nang malawak na pang-unawa, kaalaman, at kaligirang pangkasaysayan tungkol sa mga etikang kinakailangan sa isang teknikal-bokasyunal na sulatin. Ano ng nga ba ang kahalagahan at maitutulong ng paksang ito sa iyong napiling larangan? Tara at ating talakayin ang paksang ito na magpapalawak lalo ng iyong kaalaman.



**Balikan**

Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

Mapagkukunan ng <i>supply</i>	<i>Feasibility study</i>	<i>Market Place</i>
Suriin ang Kikitain	Rekomendasyon	<i>Market Analyst</i>

\_\_\_\_\_ 1. Sa bahaging ito, ipinapakita ang arawan o buwanang kikitain ng negosyo at pagsusuri kung ito ay sasapat sa gastusin o puhunan.

\_\_\_\_\_ 2. Ito ay isang kompleks na gawaing nangangailangan nang maingat at masusing pananaliksik. Dapat din na mahalagang angkop ang wikang gagamitin sa pagsulat nito.

\_\_\_\_\_ 3. Dito tinutukoy ang tiyak na lokasyon na maaaring pagtayan ng negosyo ng mga mamumuhunan.

\_\_\_\_\_ 4. Sa bahaging ito iniisa-isa ang mga mapagkukunan ng *supply* ng mga hilaw na materyales.

\_\_\_\_\_ 5. Ito ang bagay na ginagawa upang matulungan ang negosyante sa pagdedesisyon kung dapat bang ituloy o hindi ang negosyo.



## ***Tuklasin***

1. Mula sa salitang nakalimbag sa kahon, ano-anong mga etika ang ating makikita rito? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.
2. Alin sa mga etikang nakita mo ang iyong nagawa na at bakit?

# ***SOCIAL MEDIA***

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## Surin

### **Kaligiran ng Sulating Teknikal-Bokasyunal: Mga Etikang Kinakailangan sa Pagsulat ng Teknikal- Bokasyunal**

*ni David Michael M. Danganan*

- ✓ Ang *etika* o *ethos* ay mula sa wikang Griyego ay tumutugon sa mahalagang tanong ng moralidad, konsepto ng tama o mali, at mabuti at masama. Ito rin ang isa sa pamantayan kung paano ka huhusgahan ng mga tao. Napakahalagang bagay ito na dapat isaalang-alang ng isang kumpanya sa pagkuha ng mga taong nangangailangan ng trabaho. Sa isang banda, dapat nakikita rin ang etika maging sa mga empleyado kung paano ito nakikitungo sa mga kostumer o gumaganap sa kanyang tungkulin. Sa anyong pagsulat, paano nga ba mai-aaplay ang mga etikang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin?
- ✓ Ayon kay Raymond Greenlaw mula sa aklat niyang *Technical Writing, Presentational Skills, and Online Communication* (2012) isinasaad niya na ang teknikal at bokasyunal na pagsulat ay higit na nakatuon sa perspektibo at hindi sa pagiging malikhain sa pagsulat. Hindi usapin dito kung paano aaliwin ang mambabasa bagkus ito ay usapin kung paano tayo makakapagbigay ng mga impormasyon sa mga mambabasa sa malinis at malinaw na paraan.
- ✓ Ayon din sa manunulat, kinakailangan din ang etika sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal dahil ito ay nangangailangan ng tiyak na kaalaman sa larangan na iyong napili at nararapat na ito ay angkop sa kapasidad ng mga mambabasa. Di tulad sa personal o akademikong sulatin ang teknikal bokasyunal na pagsulat ay maaaring magamit sa ebalwasyon ng kahusayan sa trabaho.
- ✓ Ang etika sa pagsulat ng teknikal- bokasyunal na sulatin ay nangangailangan din ng sariling ideya kung paano mo mahihimok ang mga tao na walang maling paggamit ng mga salita at pagkopya ng gawa ng iba. Ito ay ginagamit dahil marami sa mga tao sa ngayon ang nagiging mapanuri kung ano ang kanilang binabasa. Ito rin ay bumubuo ng isang sosyal na interaksyon kung saan ang bawat salitang nakalimbag ay nagreresulta ng tiyak na mensaheng inihahatid sa mambabasa. Ang mga mambabasa nito ay nagkakaroon ng sarili nilang partisipasyon na tinatawag na teknikal na komunikasyon ng iba.
- ✓ Kahit sa alinmang gawain ay may etikang dapat sundin upang magawa ito nang maayos at mabuti.
- ✓ Mga etikang dapat makita sa pagsulat ng teknikal bokasyunal na sulatin
  - **Una**, huwag magbigay ng maling impormasyon sa mambabasa tungkol sa paksang isinulat dahil may mga ilang mambabasa ang mabilis maniwala at sumusunod sa kung ano ang nababasa tulad ng gabay sa pagpapaandar ng isang kagamitan pambahay.

- **Pangalawa**, huwag manipulahin ang kakalabasan ng mga datos tungkol sa isinulat dahil ito ay magkakaroon ng pagiging *bias*.
  - **Pangatlo** ay ang huwag maging *stereotype* dahil maaaring humantong sa diskriminasyon ang isang paksa na isinulat.
- ✓ Napakahalaga din ng etika sa lahat ng bagay kasama na dito ang komunikasyon dahil ang pagsulat ng teknikal-bokasyunal ay isa ring uri ng komunikasyon na nakikipag-usap sa mambabasa. Ang isang teknikal-bokasyunal na sulatin ay dapat maipaliwanag nang maayos kung ano nga ba ang halaga nito. Ngunit ang hindi paggamit ng etika sa isang sulatin ay naglalagay sa mambabasa sa alanganin na sitwasyon kung saan sa huli ay maaaring hindi makapagbigay ng magandang kongklusyon.

**Naririto ang mga katanungan na dapat isaalang-alang bago magsimula sa pagsulat ng isang teknikal bokasyunal na sulatin ayon sa [www.abelard.com.au](http://www.abelard.com.au)**

1. Ito ba ay hindi makakapagbigay ng pisikal na pananakit?
  - ✓ Tinatalakay sa bahaging ito ang hindi paglalagay ng maayos na panuntunan sa paggamit ng isang bagay katulad ng mga gamit na maaaring makasakit sa tao.
2. Ito ba ay hindi makakapagbigay ng suliraning mental na kaisipan ng tao?
  - ✓ Tinutukoy sa bahaging ito ang epekto sa abilidad sa pang-unawa ng mambabasa sa akda kung saan nagreresulta ng pagbaba ng kaniyang kumpiyansa sa sarili.
3. Ano ba ang talagang inaasahan ng mambabasa sa akda?
  - ✓ Sa bahaging ito isinasaad na dapat malinaw na maiparating ang mga nakasaad sa akda sa mga mambabasa at kung ano nga ba ang magandang maidudulot nito sa kanila.
4. Ito ba ay magbibigay ng hindi magandang dahilan sa mga mambabasa?
  - ✓ Isinasaad sa bahaging ito na hindi dapat magsulat ng mga bagay sa akda na hindi ikakagusto ng mga mambabasa dahil maaari itong humantong sa pagbibigay nila ng di magandang komento o kongklusyon sa akda.

**Ayon naman kay DeVaux et.al 2004 narito ang mga sumusunod na etika na dapat tandaan para sa maayos na pagsulat ng teknikal-bokasyunal.**

1. **Legalidad** – Sa pagsulat ng isang teknikal-bokasyunal ay dapat sundin ang mga batas sa regulasyon at propesyon.
2. **Katapatan** – Dapat totoo at tumpak ang mga nilalaman ng isang dokumento kung saan ito ay magbibigay ng mahusay na abilidad. Isinasaad din dito na dapat humingi ng permiso bago gamitin ang gawa ng ibang tao.
3. **Kumpidensyal** – Sa bahaging ito tinatalakay ang mga mahahalagang impormasyon na hindi dapat ilabas sa isang dokumento. Mailalabas lamang ito kung may permiso na mula sa taong na pinagkunan o may mga legalidad na kinakailangang gawin.

4. **Pagiging Patas** – Ipinaalam na dapat maging patas ang isang dokumento sa interes ng mga tao dahil ang konsyumer ang mahalaga sa teknikal-bokasyunal na sulatin.
5. **Pagiging Propesyonal** – Ang teknikal-bokasyunal na pagsulat o dokumento ay lalong napabubuti sa pamamagitan ng magandang integridad at kahusayan sa bawat gawain na nakaatang sa tao at mayroong mga kurso o pagsasanay upang mas lalo pa itong mapaunlad.

Ang pagsasagawa ng isang sulating teknikal-bokasyunal ay sumasailalim sa malalim na pananaliksik katulad ng paggawa ng isang tesis o disertasyon. Sakop nito ng etika sa pananaliksik kaya isinasaalang-alang din dito ang isyu ng *plagiarism*. Ang pangongopya at pandaraya ay di-katanggap-tanggap sa pananaliksik gayundin sa sulating teknikal-bokasyunal. Maaari din itong humantong sa mga problemang legal kaya dapat itong iwasan para huwag mapasok sa gulo at gusot.

**Naririto ang iba't ibang anyo ng plagiyarismo ayon sa aklat na Filipino sa Piling Larang – Akademik Kagamitan ng Mag-aaral Unang Limbag 2016 ng Kagawaran ng Edukasyon na isinulat nina Corazon L. Santos Santos PhD at Gerard P. Concepcion PhD at ito ay kinakailangan din sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal.**

✓ **Tahasang pag-angkin sa gawa ng iba**

Ang halimbawa nito ay ang pagpapalit ng mga mag-aaral ng ilang salita ng ibang katumbas na salita mula sa artikulong kinopya sa magasin pagkatapos ito ay ipinasa sa propesor bilang isang artikulo. At ang isa pang halimbawa nito ay ang paggawa ng sariling kopya ng mag-aaral ng hiniram niyang iskrip at pinalitan niya ng kaniyang pangalan ang pangalan ng awtor.

✓ **Pagkopya sa ilang bahagi ng akda nang may kaunting pagbabago sa ayos ng pangungusap at hindi kinilala ang awtor.**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik, may mga paraan sa pagtatala. Pwede itong gawing buod, halaw, atbp. Pero kahit binago ang ayos ng pangungusap, halimbawa o kaya'y binuod nararapat pa ring kilalanin ang pinagkunan ng impormasyon.

✓ **Pag-aangkin at/o paggaya sa pamagat ng iba**

Ang pamagat ng anumang akda ay itinuturing na isang *patent* o *copyright* na maaaring angkinin ng nakaisip o nakagawa nito. Responsibilidad ng mananaliksik na alamin kung may gayon ng pamagat upang malayo sa *plagiarism*. Sa sulating teknikal-bokasyunal, ang paggaya sa *tag-line* ng ibang kumpanya para sa pagpapakilala ng produkto ay isa ring halimbawa nito.

**Narito pa ang ibang mga etikang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal ayon kay Michelle De Silva et.al aklat niya na Technical Writing noong 2015**

1. **Pagpapakita ng impormasyon** – Tinakalatakay dito kung paano makakaapekto ang mga ipinakitang impormasyon sa isang dokumentong isinulat ng may akda sa pang-unawa ng mga mambabasa.

Halimbawa, ang pagtatago ng mga kumpidensyal na impormasyon sa isang mahabang talata kung saan hindi lalong mauunawaan ng mga mambabasa ang akda dahil dito. Ang hindi pagpapakita ng mga tamang impormasyon sa akda ay maaaring magbigay ng malaking suliranin sa mambabasa kaya dapat ilahad ang lahat ng mga impormasyon upang malaman ng mga mambabasa kung ito ba ay makakasama sa kanila o hindi.

2. **Huwag magsaliksik ng mga bagay na hindi makakapagbigay ng suporta sa mga ideya.** Sa teknikal-bokasyunal na sulatin ay nakapakahalaga ng pananaliksik dahil ito ay makakatulong sa iyong mga ideya na naisip. Ngunit paano kung hindi ito tugma sa iyong mga hangarin?

Halimbawa nito ang mga isinasagawang *feasibility study* ng mga mag-aaral na kung saan ay hindi tugma ang kanilang paksa sa kanilang ideya dahil mali-mali ang mga nakuhang impormasyon. At ito ang maaaring makapagbigay ng mga salungat na datos at malaking suliranin sa huli.


3. **Pagbibigay ng kongklusyon sa mga kaugnay na impormasyon.** Inilalahad sa bahaging ito ang pagbibigay ng may akda ng kongklusyon tungkol sa mga nakuha niyang mga impormasyon na may kaugnayan sa kaniyang isinulat at dapat ay pag-isipan nang mabuti at handa sa anumang maaaring maging resulta nito.

4. **Pagpapakita ng biswal na impormasyon.** Ang pagpapakita ng biswal na impormasyon tulad ng *pie chart* ay kapaki-pakinabang dahil ito ay nakakapagbigay ng mga datos sa mga mambabasa. Sa pagpapakita ng biswal na impormasyon, ang manunulat ay dapat maging maingat sa pagtalakay ng buong biswal upang walang maibigay na maling impormasyon.

Halimbawa nito ang hindi paglalagay ng mga datos o estadistika sa ipinakitang biswal na ang tanging ginamit lang sa pagpapakita nito ay mga letra.

5. **Limitadong mga pinagkunan ng impormasyon.** Malinaw na nakasaad na ang pananaliksik sa pagsusulat ng isang teknikal-bokasyunal ang pinagmumulan ng mga impormasyon na ginamit sa larangang kinabibilangan. Hindi lang ito dapat nagmula sa iisang sanggunian sa halip dapat ay marami ang pinagkunan nito. Ang paggamit ng maraming sanggunian ay maaaring makatulong sa isang manunulat na maiwasan ang pagiging *bias* dahil siya ay umasa lang sa isang sanggunian o eksperto. Ang pagkuha ng mga impormasyon sa maraming sanggunian ay nagpapakita nang malinaw at maaayos na sulatin.






# Pagyamanin

## Gawain 1 Paglinang ng Talasalitaan

Bigyan ng sariling pagpapakahulugan ang mga salita na nasa loob ng *semantic web map*.



## Gawain 2 Pagsagot sa mga Tanong

Gamit ang dayagram at ang iyong malawak na kaalaman sa etika at pananaliksik, sagutin ang mga tanong na makikita sa bawat bilang.

1. Alin sa mga ibinigay ni De Veauz na dapat tandaan sa maayos na pagsulat ng teknikal-bokasyunal ang pinakamahalaga?

---

---

2. Kung ikaw ang susulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin halimbawa ay isang manwal ng kagamitan, ano ang pangunahing etika ang iyong isasaalang-alang? Ipaliwanag.

---

---

3. Ano ang ibig sabihin ng etika sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin?

---

---

4. Bakit mahalagang isaalang-alang ang etika sa pagsulat ng isang teknikal-bokasyunal na sulatin?

---


---

5. Paano nagkakatulad ang pananaliksik sa etika ng pagsulat?

---

---

### Dayagram ng Etika sa Pagsulat ng Teknikal-Bokasyunal Na Sulatin



## Rubrik para sa Gawain 2

Mga Kraytirya	Puntos
Maayos at mahusay ang mga sagot na isinulat sa sa tulong ng dayagram at malawak na kaalaman	10
Maayos ang paggamit at pagbaybay ng mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag	10
Kabuoang Puntos	20

### Gawain 3. Pagsusuri ng mga Halimbawa

Basahin at unawaing mabuti ang dalawang halimbawa ng menu sa pagluluto ng adobo at pagkatapos ay suriing mabuti kung alin sa dalawa ang nagpakita ng etika na kinakailangan. Sundin ang rubrik sa ibaba sa pagsusuri na isasagawa at isulat ang sagot sa isang buong papel. Maaaring balikan ang kaligiran ng paksa para maging batayan sa pagsusuri.

#### Hakbang sa Pagluluto ng Adobo

##### I.

1. Paghaluin ang mga sangkap na karne manok, bawang, dahon ng laurel, paminta at toyo at *oyster sauce* at suka sa kaldero at ibabad ito ng isang oras.
2. Sa kawali, igisa ang bawang, sibuyas at patatas
3. Kapag mapula-pula na ang sibuyas at bawang ay ilagay ang karne ng manok at igisa ito at lagyan ng *oyster sauce* sa loob ng 10 minuto hanggang sa ito ay maging brown.
4. Kapag *brown* na ang manok ay ilagay naman ang pinagbabaran nito at pakuluin ito sa katamtamang apoy sa loob ng 30 minuto hanggang sa mawala ang amoy ng suka.
5. Kapag di na amoy ang suka habang ito ay kumukulo ay pwede na itong hanguin
6. Lagyan ito ng asin at asukal upang mas lalo itong lumasa.
7. At kapag ito ay luto ay ilagay ito sa malaking lalagyan at saka ihain.

##### II.

1k manok na hiniwa ng ayon sa gusto mo na laki  
Patatas (nasa iyo kung ilang piraso ang gusto mo at anong hiwa ang gagawin mo)  
3 piraso dahon laurel  
Kalahating tasa ng toyo  
Kalahating tasa ng suka  
5 piraso bawang na dinidktik  
2 buo na sibuyas na hiniwa (itabi ang isa para sa paggisa)  
 $\frac{1}{4}$  na tasa ng mantika.  
Asin  
Paminta buo at durog  
1 kutsarang asukal  
vetsin  
1 baso tubig  
1 kutsara na *cornstarch* (pampalapot)

#### Paraan ng pagluluto:

Pagsama-samahin sa isang kawali ang mga sangkap manok, toyo, suka, laurel, paminta buo, limang piraso bawang dinidktik pagkatapos ay pakuluan ito ng 30 minuto sa katamtamang apoy. Pagkatapos ay maglagay ng mantika sa kawali at igisa ang bawang, sibuyas at hayaan itong maging medyo mapula at pagkatapos ay ilagay ang manok at isama na rin ang patatas para lumambot, gawin ito sa loob ng 10 minuto at pagkatapos ay ilagay ang sabaw ng pinagpakuluan ng manok at dagdagan ng isang basong tubig at pakuluin ito ng 10 minuto at sa huli ay lagyan ng asukal (kung gusto mo ng manamis-namis na lasa) at *cornstarch* upang lumapot ang sarsa. At maaari na itong ihanda sa hapag kainan.

### Rubrik para sa Ikatlong Gawain

Mga Kraytirya	Puntos
Mahusay at maayos na naipapaliwanag ang mga etikang kinakailangan sa nasabing manwal.	10
Nagpakita ng kahusayan sa tamang paggamit at baybay ng mga salita sa pagsusuri na isinagawa.	10
Kabuoang Puntos	20




### ***Isaisip***

**Piliin mula sa loob ng kahon ang mga salitang pupuno sa patlang.**

<i>bias</i>	disertsyon
ideya	implikasyon
perspektibo	mahihimok
sanggunian	akademikong sulatin
teknikal-bokasyunal	paggaya sa pamagat ng iba


1. Ang etika sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin ay nangangailangan ng sariling ideya kung paano mo \_\_\_\_\_ ang mga tao na walang maling paggamit ng mga salita at pagkopya ng gawa ng iba.
2. Di tulad sa personal o \_\_\_\_\_ ang teknikal-bokasyunal na pagsulat ay maaaring magamit sa ebalwasyon ng iyong ipinakita sa trabaho.
3. Sa teknikal-bokasyunal na sulatin ay napakahalaga ng pananaliksik dahil ito ay makakatulong sa iyong mga \_\_\_\_\_ na naiisip.
4. Ang paggamit ng maraming sanggunian ay maaaring makatulong sa isang manunulat na maiwasan ang pagiging \_\_\_\_\_ dahil siya ay umasa lang sa isang sanggunian o eksperto.
5. Sa pagsasagawa ng pananaliksik, hindi lang ito dapat nagmula sa iisang \_\_\_\_\_ sa halip dapat ay marami ang pinagkunan nito.
6. Ang pagsasagawa ng isang sulating teknikal-bokasyunal ay sumasailalim din sa malalim na pananaliksik na katulad ng paggawa ng isang tesis o \_\_\_\_\_.

7. Napakahalaga din ng etika sa lahat ng bagay kasama na rito ang komunikasyon dahil ang pagsulat ng \_\_\_\_\_ ay isa ring uri ng komunikasyon dahil ito ay nakikipag-usap sa mambabasa.
8. Ang teknikal at bokasyunal na pagsulat ay higit na nakatuon sa \_\_\_\_\_ at hindi sa pagiging malikhain sa pagsulat.
9. Di tulad sa personal o akademikong sulatin ang teknikal-bokasyunal na pagsulat ay maaaring magamit sa \_\_\_\_\_ ng iyong ipinakita sa trabaho kung saan maaaring makapagbigay ng implikasyon sa isang tao kung ikaw ay ikokonsidera pa o hindi na sa iyong trabaho.
10. Tatlong anyo ng plagiyarismo ay ang tahasang pag-angkin sa gawa ng iba, pagkopya sa ilang bahagi ng aklat at \_\_\_\_\_.



## ***Isagawa***

Pumili ng isang larawan na nakalinya sa iyong larangan at sumulat ng isang *user's manual* sa pagbuo o paggamit nito ngunit dapat kinakailangan isaalang-alang ang etika sa pagsulat.



### Rubrik para sa Pagsasaayos ng *User's Manual*

Mga Kraytirya	Puntos
Mahusay at maayos na naipakita ang nabuong <i>user's manual</i> at naisaalang-alang ang etika sa pagsulat.	10
Naipaliwanag ng wasto ang mga dahilan kung bakit iyon ang napiling isulat mula sa mga larawan na ipinakita ng guro.	10
Kabuoang Puntos	20

Ang mga sumusunod na larawan ay mula sa

<https://commons.wikimedia.org/wiki/>

<https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons>

[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pan\\_de\\_sal\\_\(Philippines\)](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pan_de_sal_(Philippines))

<https://www.facebook.com/All-About-Gadgets->



## Tayahin

**Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

\_\_\_\_\_ 1. Ano ang kinakailangan sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal ayon kay Greenlaw?

- A. pagiging malikhain
- B. paggaya sa gawa ng iba
- C. tiyak na kaalaman sa larangang napili
- D. magdudulot ng suliranin mental sa tao

\_\_\_\_\_ 2. Ano ang epekto sa pang-unawa ng mambabasa na kung saan nagreresulta ng pagbaba ng kaniyang kumpiyansa sa sarili?

- A. suliraning mental sa tao
- B. makakapagbigay ng pisikal na pananakit
- C. inaasahan ng mambabasa sa isinulat na akda
- D. makakapagbigay ng hindi magandang dahilan

\_\_\_\_\_ 3. Alin sa sumusunod ang tumutugon sa paglalagay ng totoo at tumpak na nilalaman ng isang dokumento?

- A. legalidad
- B. katapatan
- C. patas
- D. kumpidensyal

\_\_\_\_\_ 4. Ano ang bagay na maiiwasan sa paggamit ng maraming sanggunian sa teknikal-bokasyonal na sulatin?

- A. paggamit ng mga letra sa biswal na impormasyon
- B. hindi makakapagbigay ng suporta sa mga ideya
- C. naiiwasan ang pagiging bias
- D. legalidad

\_\_\_\_\_5. Bakit itinuturing ang teknikal -bokasyunal na sulatin na isa ring uri ng komunikasyon? Dahil ito ay

- A. malikhain
- B. perspektibo
- C. legal na dokumento
- D. nakikipag-usap sa tao

\_\_\_\_\_6. Anong hakbang ang dapat gawin ng isang manunulat kapag nakakuha ng mga pinagmulang impormasyon na gagamitin sa pagsasagawa ng isang teknikal bokasyunal na sulatin?

- A. pag-aralang mabuti ang mga nakuhang impormasyon
- B. ipangalan sa sarili ang nakuhang impormasyon
- C. dapat isang impormasyon lang ang gamitin
- D. kopyahin ang buong impormasyon

\_\_\_\_\_7. Alin ang **hindi** dapat gawin sa mga datos na nakalap sa pagsasagawa ng teknikal-bokasyunal na sulatin upang maiwasan ang pagiging *bias* nito?

- A. Mga letra lamang ang ipakita sa *pie chart*
- B. Ipakita ang biswal na impormasyon
- C. Magbigay ng konklusyon
- D. Huwag manipulahin

\_\_\_\_\_8. Ano ang dapat isaalang-alang upang maiwasang magkaroon ng malaking suliranin sa mga mambabasa ang isang sulatin na teknikal-bokasyunal?

- A. magpakita ng impormasyon
- B. limitadong mga pinagkunan ng impormasyon
- C. magbigay ng konklusyon sa mga kaugnay na impormasyon
- D. huwag magsaliksik na hindi makakapagbigay ng suporta sa mga ideya

\_\_\_\_\_9. Bukod sa pakikipag-usap sa tao ng isang teknikal-bokasyunal na sulatin alin pa sa sumusunod ang maaaring kalabasan nito?

- A. pamantayan kung paano ka huhusgahan ng mga tao
- B. bumubuo ng isang sosyal na interaksyon
- C. paano mo mahihimok ang mga tao
- D. nangangailangan ng sariling ideya

\_\_\_\_\_10. Alin sa mga pahayag ang nagsasabi na dapat isaalang-alang ang malinaw na mensahe sa mga mambabasa at kung ano ang magandang maidudulot nito sa kanila?

- A. inaasahan ng mambabasa sa akda
- B. kung ito ba ay hindi magdudulot ng pisikal na pananakit sa tao
- C. kung ito ba ay hindi makakapagbigay ng suliraning mental sa tao
- D. nakakapagbibigay ng hindi magandang dahilan sa mga mambabasa

\_\_\_\_\_11. Ano ang maaaring maging resulta ng tumpak na nilalaman ng dokumento ayon kay De Veux?

- A. legalidad
- B. mahusay na abilidad
- C. katapatan
- D. kumpedensiyal

\_\_\_\_\_12. Sa anong hanay ng etika ang nagsasabi na dapat maging patas ang isang dokumento sa interes ng mga tao dahil sila ang mahalaga sa teknikal-bokasyunal na sulatin?

- A. legalidad
- B. kumpidensiyal
- C. pagiging patas
- D. pagiging propesyonal

\_\_\_\_\_13. Ano ang dapat gawin upang **hindi** makapagbigay ng pisikal na pananakit ang isang teknikal-bokasyunal na sulatin sa mambabasa?

- A. nagbibigay ng suliraning mental sa tao
- B. may maayos na panuntunan
- C. may ebalwasyon
- D. legal

\_\_\_\_\_14. Anong bagay ang kinakailangan upang makahimok ng mga mambabasa ang isang manunulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin?

- A. sariling ideya
- B. ebalwasyon
- C. perspektibo
- D. malikhain

\_\_\_\_\_15. Ano ang dapat gawin upang hindi humantong sa diskriminasyon ang isang paksa sa teknikal-bokasyunal na sulatin?

- A. hindi makakapagbigay ng pisikal na pananakit
- B. manipulahin ang datos
- C. *stereotype*
- D. ginaya



## Karagdagang Gawain

Tingnan ang mga larawan, tukuyin ang mga etikang kinakailangang taglayin ng bawat isa. Isulat sa isang buong papel ang sagot.



A. Panayam sa papasukan na trabaho



B. Pulong ng kompanya



C. Pakikitungo sa mga kostumer



D. Pakikitungo sa kasamahan sa trabaho

Ang mga larawan ay mula sa  
<https://openclipart.org/detail/321255/job-interview>  
<https://www.needpix.com/>  
<https://creazilla.com/nodes/32972-jerry-business-people-clipart>



### Rubrik sa Gawain

<b>Kraytirya</b>	<b>Puntos</b>
Nailahad nang maayos ang mga paliwanang sa bawat larawan	15
Naipakita ang wastong paggamit ng wika, gramatika, at baybay.	15
Wastong naipakita ang mga etikang kinakailangan sa bawat larawan.	20
Kabuoang Puntos	50



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <p>1. D 2. A 3. C 4. D 5. A</p> <p>6. A 7. B 8. B 9. C 10. A 11. D 12. B 13. A 14. C 15. B</p>	<p><b>Balikan</b></p> <p>1. Surin ang Kikitain 2. Feasibility Study 3. Market Place 4. Mapagkukunan ng Supply 5. Rekomendasyon</p>
--	--

<p><b>Isaisip:</b></p> <p>1. mahihimok 2. akademikong sulatin 3. ideya 4. bias 5. sanggunian 6. disertasyon 7. teknikal bokasyonai 8. perspektibo 9. ebalwasyon 10. paggaya sa pamagat ng iba</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. C 2. A 3. B 4. C 5. D</p> <p>6. A 7. D 8. A 9. B 10. A 11. B 12. C 13. B 14. A 15. C</p>
---	--

# ***Sanggunian***

Corazon L. Santos Santos, et.al **Filipino sa Piling Larang - Tech-Voc Kagamitan ng Mag-aaral Unang Limbag 2016** Department of Education, Pasig City

Corazon L. Santos Santos, et.al **Filipino sa Piling Larang - Akademik Kagamitan ng Mag-aaral Unang Limbag 2016** Department of Education, Pasig City

Greenlaw, Raymond, **Technical Writing, Presentational Skills, and Online Communication 2012**, United States Naval Academy U.S A

## **Mga Websites**

<https://courses.lumenlearning.com/ethics-and-technical-communication/>

<https://www.abelard.com.au/ethics-and-technical-writing/>

<https://coccoer.pressbooks.com/chapter/ethics-in-technical-writing/>

<https://openoregon.pressbooks.pub/technicalwriting>

<http://www.kdingo.net/ethics>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)